

5 Uri ng Eksena kung saan tumataas ang antas ng panganib na mahawahan ng impeksiyon

eksena① Sosyal na pagtitipon kasama ang pagkain at pag-inom, atbp.

- Ang pagkalasing ay may epekto na maging hyper ang pakiramdam sabay na nagbabawas pansin sa pag-iingat. Bilang karagdagan ang pandinig ay humihina kaya may posibilidad na magsalita sa malakas na boses.
- Lalo na kapag ang maraming bilang ng tao ay nasa masikip, makitid na lugar sa loob ng mahabang oras kahit may partesyon ito nagiging sanhi parin ng mataas na antas upang mahawahan ng impeksiyon .
- Sa karagdagan ang pagsalo-salo sa pagkain at hiram ng chopstick ay nagdaragdag ng panganib na magkaroon ng impeksiyon



eksena② Maraming bilang ng tao sa mahabang oras na pagtitipon tulad ng pagkain at pag-inom

- Pagkain, pag-inom ng mahabang oras, pag-inom sa mga bahay paaliwan, at pang-hatingabing inuman o kainan ay mas mapanganib kung ikukumpara sa maigsiing oras ng pagkain, paginom sa labas.
- Maraming bilang ng tao tulad ng 5 pataas na bilang pag-kain sa labas ay nagiging sanhi ng pagsasalita sa malakas na boses at pagtalsik ng laway na nagiging dahilan upang tumaas ang panganib na mahawahan ng impeksiyon.



eksena③ Nag-uusap ng hindi nakasuot ng mask

- nag-uusap ng malapitan na hindi naka mask, ay nagpapataas ng antas at panganib sa impeksiyon dahil sa pagtalsik ng laway o micro droplets dala ng hangin.
- Isang halimbawa ng hindi nagsuot ng mask na nahawaan ng impeksiyon ay tulad karaoke box sa tanghali na kompirmado at nailatha.
- mag-ingat din sa pagsakay sa sasakyan o bus kung naglalakbay



eksena④ Magkasamang mamuhay sa maliit espasyo

- Ang panganib sa impeksiyon ay lumalaki lalo na kung magkasamang namumuhay sa masikip at sadarong espasyo na pangmatagalang saradong lugar.
- May mga report na ang impeksiyon sa karaniwang parte ng lugar tulad ng mga dormitoryo at mga pali kuran ay pinaghihinalaan.



eksena⑤ Lumilipat kung saan-saan lugar

- Kapag nagbabago ang lugar, tulad ng oras ng pahinga sa trabaho, ang panganib sa impeksiyon ay lumalaki dahil sa pagrerelaks ng isip at pagbabago ng kapaligiran
- May mga kaso ng impeksiyon sa loob ng silid pahingahan, lugar ng kung saan maaring manigarilyo, locker room

